

10 Tip para sa Ligtas na Boating

Sa pangkalahatan, 140 Canadians ang nalulunod sa boating bawat taon. Mahigit sa 80 porsiyento ang mga lalaki. Mahigit sa 90 porsiyento ang hindi nagsusuot ng mga lifejacket. Sa daan, isinusuot mo ang iyong seat belt dahil alam mo na wala kang panahong isuot ito kapag ikaw ay naaksidente. Sa tubig, dapat ganoon din ang iisipin mo tungkol sa iyong lifejacket. Hindi ito gagana kapag hindi mo ito isinuot.

Mga pinakamahalagang Tip para sa ligtas na boating:

1. Ang malamig na tubig ay mas delikado kaysa sa inaakala mo. Maghanda para sa shock ng malamig na tubig – laging magsuot ng lifejacket.
2. Hindi maaaring ipaghalo ang alak at boating. Huwag magdala ng alak sa boat.
3. Itsek ang forecast. Bumalik kaagad sa shore kapag palapit ang masamang panahon.
4. Sundin ang lahat ng mga babalâ at mga buoy sa paligid ng hydroelectric stations at dams; ang tubig ay mabilis magbago at ang kalmadong tubig ay maaaring maging delikado sa saglit lamang na panahon. “Umiwas at Manatiling Ligtas”.
5. Magmaneho ng mga powerboat nang responsable – gumamit ng angkop na speed lalo na kapag maalon.
6. Manatiling nakaupo! Madali kang mahulog mula sa isang powerboat, canoe, o kayak.
7. Maghanda. Siguraduhing ang iyong boat ay may kinakailangang safety gear at sapat na gasolina.
8. Magdala ng VHF radio o cell phone kapag ikaw ay nasa tubig.
9. Laging sabihin sa isang tao kung saan ka pupunta at kung kailan ka babalik.
10. Mag-training. Alamin kung ano ang gagawin kapag biglâ kang nahulog sa tubig.

Ang boating safety tips ay inihandog sa iyo ng Lifesaving Society at Ontario Power Generation. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa www.lifesavingsociety.com.